



24 Disyembre 2017

PASKO – Misa sa Hatinggabi

Taon B

Si Kristo – Ang Ilaw ng Ating Buhay

Simulan na natin ang pinakahihintay na pagdiriwang ng Bisperas ng Pasko sa pamamagitan ng batiang “ISANG PINAGPALANG PASKO!” Narito tayo di lamang para tumupad sa tradisyong panrelihiyon at pangkultura, kundi para rin gunitain ang pagsilang ng Bugtong na Anak ng Diyos bilang tao. Ito ang pangyayaring nakapagpabago sa kasaysayan ng tao at patuloy pa rin sa kapangyarihang mapagbago ang ating buhay.

Gayong kamanghaan ay magaganap kung

tayo – bilang mga indibiduwal, bilang mga pamilya, at bilang pamayanan ng mga mananampalataya – ay magbubukas ng ating mga puso upang tumanggap kay Hesus tulad ng bukas-palad na pagtanggap sa kanya ni Mariang Kabanal-banalan bilang kanyang Panginoon at Tagapagligtas. Ito ang gawin natin habang isinasama natin sa ating mga kahilingan ang lahat ng pangangailangan ng mahal natin, ng buong pamayanan ng mga mananampalataya, at ng buong sangkatauhan.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Tayo’y magdiwang na lahat! Sumilang ang Diyos Anak! Pagkasundong matapat buhat sa langit suminag, sa daigdig nagliwanag.

Pagbati

P–Sumainyong lahat ang biyaya at kapayapaang hatid ni Hesus sa kanyang pagsilang.
B– At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Mga kapatid, sa pagsisimula natin sa Misa ngayong hatinggabi, magsuri tayo ng ating konsiyensiya at alalahanin ang pagkakasala natin sa Panginoon.

(Manahimik sandali.)

P–Panginoong Hesus, ikaw ang Anak ng Diyos at Anak ni Maria. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, sa iyong pagsilang, ikaw ay naging katulad namin sa lahat ng bagay, maliban sa pagkakasala. Kristo, kaawaan mo kami!

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, naparito ka upang ipagkasundo mo kami sa Diyos Ama at sa isa’t isa. Panginoon, kaawaan mo kami!

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B–Amen!

Papuri

B–Papuri sa Diyos sa kaitaan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon,

ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P—Ama naming makapangyarihan, pinasikat mo sa gabing ito ang sinag ng iyong liwanag na totoo. Pasikatin mo sa amin ang iyong liwanag sa kalangitan na ngayo’y aming pinatutuloy sa aming pamumuhay sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B**—Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa *Isa 9:1-6*
Sa orakulong ipahahayag ngayon, nakikita ng Simbahan ang isang propesiya tungkol kay Hesus na Mesiyas na nagdadala ng liwanag ng pag-ibig ng Diyos sa sanlibutang pinadilim ng poot, pagmamataas, at iba’t ibang uri ng pagdurusa.

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Nakatanaw ng isang malaking liwanag ang bayang malaon nang nasa kadiliman, namanaag na ang liwanag sa mga taong namumuhay sa lupaing balot ng dilim. Iyong pinasigla ang kanilang pagdiriwang, dinagdagan mo ang kanilang tuwa. Tulad ng mga tao sa panahon ng anihan, tulad ng mga taong naghahati ng nasamsam na kayamanan. Nilupig mo ang bansang umalipin sa iyong bayan. Tulad ng pagkalupig sa hukbo ng Madian. Binali mo ang panghambalos ng mga tagapagpahirap sa kanila.

Sapagkat ang panyapak ng mga mandirigma, ang lahat ng kasuutang tigmak sa dugo ay susunugin. Sapagkat ipinanganak para sa atin ang isang sanggol na lalaki. Ibinigay ang isang anak sa atin. At siya ang mamamahala sa atin. Siya ang Kahanga-hangang Tagapayo, ang Makapangyarihang Diyos, Walang hanggang Ama, ang Prinsipe ng Kapayapaan.

Malawak na kapangyarihan at walang hanggang kapayapaan ang ipagkakaloob sa trono ni David at sa kanyang paghahari. Upang matatag ito at papanatilihin sa katarungan at katwiran ngayon at magpakailanman.

Isasagawa ito ng Makapangyarihang Panginoon.

Ang Salita ng Diyos!
B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 95*

B—Sa atin ay sumilang ngayon ang Manunubos, Kristong Poon!

R. M. Velez



* Purihin ang Panginoon, awitan ng bagong awit; ang Poon ay papurihan nitong lahat sa daigdig! **B**.

* Awitan ang Panginoon, ngalan niya ay purihin; araw-araw ang ginawang pagliligtas ay banggitin. Kahit saa’y ipahayag na ang Poon ay dakila, sa madla ay ipahayag ang dakila niyang gawa. **B**.

* Lupa’t langit ay magsaya, umugong ang kalaliman, lahat kayo na nilikhang nasa tubig ay magdiwang. Ang bukirin at ang lahat ng naroon ay sumigaw, pati mga punongkahoy sa galak ay mag-awitan. **B**.

* Ang Poon ay pupurihin, pagka’t siya ay daratal, paririto sa daigdig, upang lahat ay hatulan. Tapat siya kung humatol at lahat ay pantay-pantay. **B**.

Ikalawang Pagbasa *Tito 2:11-14*

Sa gabing ito, ipinaaalala sa atin ni San Pablo na ang Pagkakatawang-tao ng Anak ng Diyos ay naghahatid sa atin ng kaligtasan at nagpapatibay sa ating pag-asang makakasama natin siya magpakailanman.

L—Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo kay Tito

Pinakamamahahal kong kapatid: Inihayag ng Diyos ang kanyang kagandahang-loob na nagdudulot ng kaligtasan sa lahat ng tao. Ito ang siyang umaakay sa atin upang talikdan ang likong pamumuhay at damdaming makalaman. Kaya’t makapamumuhay tayo ngayon nang maayos, matuwid at karapat-dapat sa Diyos samantalang hinihintay natin ang ating inaasahan – ang

dakilang Araw ng paghahayag sa ating dakilang Diyos at Tagapaglitas na si Hesukristo sa gitna ng kanyang kaningningan. Ibinigay niya ang kanyang sarili upang iligtas tayo sa lahat ng kalikuan at linisin para maging kanyang bayan na nakatalagang gumawa ng mabuti.

Ang Salita ng Diyos!
B—Salamat sa Diyos!

Aleluya *Lu 2:10-11*

B—Aleluya! Aleluya!
Ito’y Balitang masaya. Manunubos sumilang na sa ati’y Kristo, Poon s’ya.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Lu 2:1-14*

Sa pagbasang ito, hindi lamang tayo binibigyan ng Ebanghelista ng salaysay ng kapanganakan ni Hesus, kundi ipinabatid din sa atin na ang bagong silang na Sanggol ay ang Tagapaglitas ng mundo.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
B—Papuri sa iyo, Panginoon!

Noong panahong iyon, iniutos ng Emperador Augusto na magpatala ang lahat ng nasasakupan ng Imperyo ng Roma. Ang unang pagpapatang ito’y ginawa nang si Cirenio ang gobernador ng Siria. Kaya’t umuwi ang bawat isa sa sariling bayan upang magpatala.

Mula sa Nazaret, Galilea, si Jose’y pumunta sa Betlehem, Judea, ang bayang sinilangan ni Haring David, sapagkat siya’y mula sa angkan at lahi ni David. Kasama niyang umuwi upang magpatala rin si Maria na kanyang magiging asawa na noo’y kagampan. Samantalang naroroon sila, dumating ang oras ng panganganak ni Maria at isinilang niya ang kanyang panganay at ito’y lalaki. Binalot niya ng lampin ang sanggol at inihiga sa isang sabsaban, sapagkat wala nang lugar para sa kanila sa bahay-panuluyan.

Sa lupain ding yaon ay may mga pastol na nasa parang, nagpupuyat sa pagbabantay ng kanilang mga tupa. Biglang lumitaw sa harapan nila ang isang anghel ng Panginoon at lumaganap sa paligid nila ang nakasisilaw na kaningningan ng Panginoon. Natakot sila nang gayon na lamang, ngunit sinabi sa kanila ng anghel, “Huwag kayong matakot! Ako’y may dalang mabuting balita para sa inyo na magdudulot ng malaking kagalakan sa lahat ng tao.

Sapagkat isinilang ngayon sa bayan ni David ang inyong Tagapagligtas, ang Kristong Panginoon. Ito ang palatandaan: matatagpuan ninyo ang isang sanggol na nababalot ng lampin at nakahiga sa sabsaban." Biglang lumitaw sa tabi ng anghel ang isang malaking hukbo ng kalangitan, na nagpupuri sa Diyos: "Papuri sa Diyos sa kaitaasan, at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya!"

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya (*Lumuhod sandali.*) lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Sa Banal na Gabing ito, sa paggunita natin sa kapanganakan ng Tagapagligtas ng sanlibutan, ipanalangin natin ang mga pangangailangan ng sangkatauhan at ng sa atin din. Manalangin tayo:

B – Panginoon, Ikaw ang aming Ilaw!

* Para sa buong pamayanan ng mga mananampalatayang nagdiriwang sa pagsilang ni Hesus: Nawa maghari ang kapayapaan ng gabing ito sa kanilang buong buhay. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa Santo Papa at lahat ng mga pinunong panrelihiyon sa buong daigdig: Nawa mapagbuklod ng kanilang pamumuno sa ngalan ng Diyos, ang lahat ng tao sa tapat na pagtutulungan at pagkakaisa. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa mga bansa at grupong may digmaan: Nawa sa kanyang pagsilang, akayin sila ni Hesus tungo sa pagwawakas sa mga pahirap ng digmaan. Manalangin tayo! **B.**

* Para sa ating pamilya at lahat ng iba pang pamilya sa ating parokya: Nawa, sa tanglaw ng diwa ng Pasko, tayo'y maging laging handang tumulong, magpatawad, at magmahal sa isa't isa. Manalangin tayo! **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumahimik sandali.*)

Manalangin tayo! **B.**

P – Salamat, Ama, sa pagkakaloob Mo kay Hesus sa amin. Pahalangahan nawa namin, tulad ni Mariang Kabanal-banalan, ang kanyang pagparito. Isinasamo namin ito sa ngalan ni Hesus na aming Panginoon at Tagapagligtas.

B – Amen!



P – Manalangin kayo . . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, kalugdan mo ang paghahain ngayong Pasko ng Pagsilang. Sa pagpapalitan ito ng iyong kaloob at aming handog, ang Anak mong umako sa aming kaabahan ay siya nawang magparangal sa ami't magtampok bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B – Amen!**

Prepasyo ng Pasko III

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat na pamamagitan ni Hesukristo na

aming Panginoon.

Sumilay sa amin ang pagkakataong makipagpalitang-handog sa iyo ngayon. Inako ng iyong maaasahang Anak ang pagkatao naming alangan at hamak. Kahit kamatayan namin ay kanyang natikman upang kami'y makasalo sa buhay na walang hanggan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B – Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinaabang

P – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inanyayahan sa piging ng kaharian. **B –** Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinaabang

(*Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.*)

Naging tao ang Salita ng Diyos Amang Lumikha. Kaningningan n'yang dakila, nakita nating nabadha sa pamumuhay n'yang dukha.

Panalangin Pagkapakinabang

P – Ama naming mapagmahal, sa pagdiriwang namin ng maligayang Pasko, pagindapatin mong kami'y makasalo sa pamumuhay ng Anak mong kalugud-lugod sa iyo bilang Tagapamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan. **B – Amen!**

PAGWAWAKAS



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Magsiyuko kayo habang igi-nagawad ang pagbabasbas. (*Tumahimik sandali.*)

Nang naparito siya bilang tao, hinawi ng Anak ng Diyos ang kadiliman sa sanlibutan at pinuspos ang gabing banal na ito ng kanyang kaluwalhatian. Nawa pawiin ng Diyos ang

kadiliman ng kasalanan at puspusin ng kabanalan ang inyong mga puso!

B– Amen!

P– Sinugo ng Diyos ang Kanyang mga anghel sa mga pastol upang ibalita ang masayang pagsilang ng ating Tagapagligtas. Nawa’y pagkalooban kayo ng kagalakan at gawin din kayong mga tagapagpalaganap ng kanyang Ebanghelyo!

B– Amen!

P– Nang ang Salita ay naging tao, ang mundo’y inilapit sa langit. Sumainyo nawa ang kanyang kapayapaan at mabuting kalooban at pakikisama ng mga nasa langit!

B– Amen!

P– Pagpalain kayo ng makapang-yarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Humayo kayo at ibahagi ang galak at kapayapaan ng Pasko!

B– Salamat sa Diyos!

ANG PINAGMULAN NG “SILENT NIGHT”

Langid sa kaalaman ng marami, madula ang simula ng magandang awiting “*Silent Night*.” Naganap iyon sa Katolikong parokya ng **Obern-dorf**, sa rehiyon ng Tirol ng Austria sa Europa.

Umaga noon ng **ika-24 ng Disyembre 1818**. Bagamat maginaw noon, si **Fr. Joseph Mohr**, na kura paroko, ay pinagpapawisan sa pag-aalala dahil di-inaasahang nasira ang organo sa simbahan at mahirap na maipagawa ito agad para sa Misang Panghating-gabi.

Sapagkat tinawagan ang pari upang magbinyag sa isang bagong silang, ipinagbilin niya sa sakristan ang pagpapagawa sa organo. Ngunit nang siya’y bumalik, hindi pa rin ito nagagawa.

Gayon na lamang ang pag-aalala ni Fr. Joseph sa kabiguan ng mga sisimba sa hatinggabi kung wala silang maririnig na organo. Sa Austria, ang Paskong walang organo ay para bang kasalan na walang “*wedding cake*.” Palibhasa’y malaki ang kanyang pananampalataya, ang pari ay hindi nawalan ng pag-asa. Lumuhod siya sa harap ng Banal na Sakramento, taimtim na nagdasal, at humiling sa Panginoon ng lakas ng loob.

Nang tumayo siya sa pagkakaluhod, bigla siyang nakaisip ng inaakala niyang magiging solusyon. Mabilis niyang tinungo ang kanyang sulatan at bumuo ng maikling tula bunga ng inspirasyong dulot sa kanya ng sanggol na kanyang bininyagan at ng ina nito.

Nang siya’y makatapos, binalak niyang bigkasin ang kanyang nabuong tula sa Misang Panghating-gabi, kapalit ng tugtog sana ng organo. Ngunit napag-isip niyang ang tula ay isa ring awit kung kaya sa halip na bigkasin, inakala niyang higit na angkop na ito ay awitin. Kaya, naisip niyang lapitan ang kaibigan niyang

si **Franz Gruber** para kumatha ng mailalapat na tono sa kanyang tula. Nang mabasa ni Gruber ang tula ni *Father Joseph*, siya’y dagling nagkainspirasyon at sa loob ng ilan lamang oras ay nakakatha ng isang simpleng tugtugin para sa tula. Sabay na inawit ng magkaibigan ang kanilang komposisyon at ikinagalak naman nila ang magandang kinalabasan. Di lamang nila natitiyak kung paano itong tatanggapin ng mga tao.

Nang gabing iyon, pagkatapos ng pagpapahayag ng Ebanghelyo, ipinahayag ni Fr. Joseph sa lahat na may sorpresa siyang isang bagong awiting Pamasko para sa mga taga-parokya niya. Ang pamagat ay “*Stille Nacht, Heilige Nacht*” (*Silent Night, Holy Night*). Inawit nila ni Franz Gruber ang kanilang komposisyon sa saliw ng isang gitara sapagkat sira pa nga ang organo.

Maraming bata’t matanda ang naantig ng bagong awiting Pamasko, at di nagtagal, bago matapos ang awitin, ang halos buong konggregasyon ay sumasabay na sa madamdaming pag-awit. At di na napansing wala silang organo noon.

Pagkatapos ng Misa, dinumog ng mga tao sina Fr. Joseph at Franz Gruber upang humingi ng kopya ng kanilang komposisyon. Sila ay pinangakuan namang makakukuha ng kanilang kopya kinabukasan – Araw ng Pasko. Kinabukasan, napakarami ng dumalo sa Misa at lahat ay sabay na nagsiawit ng bagong awiting “*Silent Night*” (Gabing Tahimik), na para bang matagal na nilang alam ito.

Gayon nga ang pagsisimula ng “*Silent Night*,” ang awiting Pamaskong naisalin at inaawit-awit ngayon sa maraming wika sa mundo.

Jess P. Balon

(*Isinalin ni Cecilia G. Valmonte, EdD*)



Pagkalooban nawa kayo at ang inyong mag-anak ng kasaganaan ng biyaya ni Hesus.

ISANG PINAGPALANG PASKO SA LAHAT!



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua